*Asia Pacific Journal of Advanced Education and Technology*
*P- ISSN 2815 – 245X / E – ISSN 2815 – 2468 / www.apjaet.com*

# Estratehiya Sa Pagtuturo At Performans ng mga Guro sa Filipino Tungo sa Programang Pagsasanay sa Kapasidad

**Dennis P. Roces**
http://orcid.org./:0009-0001-6602-3120
dennis.roces@deped.gov.ph
Philippine Christian University
Malate, Manila, Philippines

## Abstrak

Ang pagtuturo ng asignaturang Filipino 10 ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon sa Pilipinas. Ang pag-unawa at paggamit ng mga tamang estratehiya sa pagtuturo ay maaaring magdulot ng malaking pagbabago sa kalidad ng edukasyon sa bansa. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga estratehiya sa pagtuturo na karaniwang ginagamit ng mga guro ng Filipino 10, alamin ang antas ng kahusayan ng mga guro sa iba't ibang aspeto ng pagtuturo, at tukuyin ang mga posibleng paraan upang mapabuti ang kalidad ng pagtuturo. Isinagawa ang pagsusuri sa 135 guro ng Filipino 10 at 45 pinunong guro gamit ang pagsasagawa ng surbey at pagsusuri ng mga datos gamit ang statistical tools tulad ng mean score at standard deviation. Natuklasan na ang mga guro ay kadalasang gumagamit ng mga estratehiya tulad ng tahasang pagkatuto at nakapokus na pagkatuto, at may mataas na kahusayan sa ilang aspeto ng pagtuturo ngunit may mga bahagi na maaaring mapabuti pa. Sa kabuuan, ang mga guro ay nagpakita ng mataas na kahusayan sa mga aspeto ng pagtuturo ngunit may mga aspeto rin na maaaring lalong mapabuti. Ang pag-aaral ay nagpapakita ng kahalagahan ng patuloy na pagsasanay at pag-unlad ng mga guro sa iba't ibang aspeto ng pagtuturo upang mapanatili at mapalawak ang kalidad ng edukasyon sa bansa. Ito ay naglalayong magbigay ng mga rekomendasyon at suhestiyon upang maging gabay sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagtuturo.

*Mga Susing Salita: Edukasyon, Filipino 10, Estratehiya sa Pagtuturo, Suri, Pag-unlad, Pilipinas*